REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-201

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG PAGIGING "ADOPTED SON" NG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG KAGALANG-GALANG SENADOR RAUL S. ROCO GAYUNDIN ANG PAGBIBIGAY NG MARUBDOB NA PASASALAMAT SA KANYANG MASIGASIG NA PAGSUPORTA AT PAGMAMALASAKIT UPANG MAGKAROON NG KAGANAPAN ANG PAGIGING LUNGSOD O HIGHLY-URBANIZED CITY ANG MUNTINLUPA.

************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

************************************************************

SAPAGKAT, anumang gawain na makapagbibigay kaluwagan at kaunlaran sa magandang layunin ay nararapat lamang bigyan ng pagpapahalaga manapa'y suklian ng katapat na kabutihan;

SAPAGKAT, ang Kagalang-galang Senador Raul S. Roco ay naghain ng panukalang batas o ang Senate Bill No. 1821 noong Agosto 01, 1994 na naglalayong kaagad na maging lungsod o highly-urbanized city ang Muntinlupa para sa kapakinabangan at higit na kaunlaran nito;

SAPAGKAT, ang Kagalang-galang na Senador ay nagpakita ng gilas at talino upang ang panukalang gawing highly-urbanized city ang Bayan ng Muntinlupa ay maitaguyod at maipasa;

SAPAGKAT, tulad ng taal at naninirahang mamamayan, hindi pangkaraniwan ang ipinamalas na malasakit ng magiting na mambabatas para sa Bayan ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na ipinahahayag ang pagiging "Adopted Son" ng Bayan ng Muntinlupa ang Kagalang-galang Senador Raul S. Roco gayundin ang pagbibigay ng marubdob na pasasalamat sa kanyang masigasig na pagsuporta at pagmamalasakit upang magkaroon ng kaganapan ang pagiging lungsod o highly-urbanized city ang Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang natatanging pulong na ginanap ngayong ika-16 ng Disyembre, 1994 sa Session Hall, People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

SINANG-AYUNAN:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ROGER C. SMITH | - | Konsehal |
| KGG. ROMAN E. NIEFES | - | Konsehal |
| KGG. ARTURO S. BUNYI | - | Konsehal |
| KGG. MELCHOR R. TEVES | - | Konsehal |
| KGG. NOLASCO L. DIAZ | - | Konsehal |
| KGG. ERNESTO A. CARUBIO | - | Konsehal |
| KGG. RUFINO B. JOAQUIN | - | Konsehal |
| KGG. DANTE S. ALMARIO | - | Konsehal |
| KGG. LUCIO B. CONSTANTINO | - | Konsehal |
| KGG. REY E. BULAY | - | Konsehal |
| KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ | - | Konsehal |
| KGG. REYNALDO A. ABAS, JR. | - | Konsehal |
| KGG. VICENTE Y. CHUA | - | Pangulo, Samahan ng mga Punong-Bgy. |
| KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR. | - | Pangulo, Pederasyon ng Sang. Kabataan |

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pangalawang Punongbayan/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim